

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Magkaisang inaaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Plano sa Pagbabawas ng Enerhiya at Emission sa Komunidad**

BRAMPTON, ON (Setyembre 23, 2020) – Sa araw na ito, ang pagpupulong ng Komite ng Konseho, mga Kasapi ng Konseho ng Brampton ay gumawa ng mahalagang hakbang sa pagtugon sa layunin ng Lungsod na bawasan ang greenhouse gas (GHG) emissions sa Brampton ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050 sa pamamagitan ng magkaisang pag-apruba sa unang Community Energy and Emission Reduction Plan (CEERP) ng Lungsod.

Ang CEERP, na nabuo sa pakikipagtulungan sa Sheridan College, ay kikilos bilang gabay para makatulong sa Lungsod, mga residente at mga negosyo na madebelop at ma-adopt ang mga bagong pinakamagandang gawain para mapaunlad ang pagiging matipid sa enerhiya, mabawasan ang GHGs, masiguro ang seguridad sa enerhiya, lumikha ng bentahe sa ekonomiya at dagdagan ang pagkamadaling nakakabangon sa pagbabago ng klima. Partikular na, ang CEERP ay may tatlong layunin:

- Bawasan ang enerhiyang ginagamit ng buong komunidad ng kahit 50 porsyento mula sa antas sa 2016 bago lumipas ang 2041
- Bawasan ang emissions sa buong komunidad ng 50 porsyento mula sa antas sa 2016 bago lumipas ang 2041, at itatag ang pathway para mabawasan ang emissions ng kahit 80 porsyento para matugunan at malampasan ang mga target ng pederal at lalawigan.
- Panatilihin ang pinakamababa \$26 bilyon ng pinagsamang gastos sa enerhiya sa loob ng komunidad bago lumipas ang 2041.

Maaabot ng Lungsod ang tatlong layunin na ito sa pamamagitan ng pitong estratehik na mga direksyon. Ang bawat estratehik na direksyon ay may serye ng mga layunin at 2041 na mga target na gagabay sa mga aksyon ng Lungsod at komunidad. Para mapabilis ang transisyon ng enerhiya sa Brampton, tutukuyin ng CEERP ang anim na prayoridad na proyekto na kukumpletuhin sa loob ng susunod na limang taon. Higit pa sa mga prayoridad na proyekto, binabalangkas ng CEERP ang bilang ng mga aksyon sa loob ng susunod na 20 taon para matutugunan ang mga layunin at mga target ng Plano. Ang mga aksyon na ito ay tutukuyin bilang nagpapatuloy, maikli, katamtaman o pangmahabang panahon, at regular na i-a-update.

Para sa karagdagang impormasyon sa CEERP bisitahin ang [www.brampton.ca/ceerp](http://www.brampton.ca/ceerp)

### **Maiikling Impormasyon**

- Sa 2019, nagkaisang bumuto ang Konseho ng Lungsod ng Brampton para ideklara ang emergency sa klima habang nilalayon na bawasan ang GHGs na nalikha sa Lungsod ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050.
- Ang Task Force ng Komunidad sa CEERP, isang pangkat ng mga lider sa industriya at komunidad, ay nakipagtulungan na mabuo ang Plano.
- Sa Pebrero, sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang pagtanim ng 50,000 bagong punong-kahoy sa buong lungsod taon-taon, bilang bahagi ng Programa na Isang

Milyong Punong-kahoy. Ito ay isa na namang malaking hakbang tungo sa pagharap sa panganib ng pagbabago ng klima (climate change).

- Si Mayor Patrick Brown ay isang kasapi ng Global Covenant of Mayors for Climate and Energy, na una sa uri ng pandaigdigang aliyansa ng higit sa 9,200 lungsod na nangunguna sa laban kontra sa pagbabago ng klima.
- Ang Lungsod ng Brampton ay isang kasapi ng Peel Climate Change Partnership, isang pagtutulungan sa pagitan ng Rehiyon ng Peel at lokal na mga munisipalidad na nagtutulungan sa mga proyekto at para ma-secure ang pondo na tutulong sa bawat kasaping organisasyon na mabawasan ang greenhouse gas emissions at umakma sa pagbabago ng klima.

**Mga Quote**

“Ang Plano sa Pagbabawas ng Enerhiya at Emission sa Komunidad ay isa na namang mahalagang hakbang sa ating paglalakbay na maging, isang Green City. Hindi lamang ito makakatulong sa atin na matugunan ang ating layunin na bawasan ang greenhouse gas emissions sa Brampton ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050, ngunit nagpapakita na ang Brampton ay isang lider na munisipyo sa ating laban kontra sa emergency sa klima. Kailangang magpatuloy tayong lahat na magtutulungan para harapin ang panganib ng pagbabago ng klima.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Responsable ang mga munisipyo sa halos kalahati ng lahat ng greenhouse gas emissions sa Canada. Ang Plano sa Pagbabawas ng Enerhiya at Emission sa Komunidad ay isang malinaw na halimbawa ng commitment ng Brampton sa pagiging isang Green City, at kumpiyansa ako na magsisilbi ito sa atin sa ating dedikasyon na pahasayin ang pagiging matipid sa enerhiya, binabawasan ang GHGs at dinadagdagan ang ating pagiging madaling nakakabangon sa pagbabago ng klima.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Chair, Public Works at Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Para mabawasan ang ating carbon footprint, kailangang patuloy tayong magtulungan sa panahon nitong idineklarang emergency sa klima. Salamat sa inyong lahat na nagtulungan bilang bahagi ng Task Force ng CEERP sa Komunidad, at sa mga residente na dumalo sa mga engagement na sesyon para matuto ng higit pa sa Plano sa Pagbabawas ng Enerhiya at Emission sa Komunidad. Maglilingkod ito bilang isang mahalagang iskedyul sa ating paglalakbay sa pagiging sustainable habang patuloy nating itinatayo ang Green City.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6, Kasapi, Task Force sa CEERP ng Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Ang Plano sa Pagbabawas ng Enerhiya at Emission sa Komunidad, na binuo sa pakikipagtulungan sa Sheridan, ay gagabay sa staff habang patuloy tayo sa pagsisikap tungo sa prayoridad ng Brampton na maging isang Green City at magsisikap na matugunan ang layunin ng Konseho na bawasan ang greenhouse gas emissions sa ating komunidad ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)